

# PANGITAIN SA MINISTRO NG MGA BATA

Isang araw ang aking asawa na si Dwight at ako ay nasa isang mahabang biyahe at kami ay nagkakaroon ng isang mahusay na pagbisita, ng bigla na lamang binuksan ng Diyos ang aming mga mata sa kahalagahan ng Aklat ng mga ministeryo. Kami ay nag-uusap tungkol sa ilang mga plano sa ministeryo at magkasamang nagdadasal. Habang kami ay nananalangin, binigyan ako ng Diyos ng isang pangitain.

Nakita ko ang isang malaking umpukan ng tao na tumatakbo sa isang malawak na kalye. Ito ay katulad ng isang malaking marathon na may libu-libong tumatakbo. Lahat ay magkasamang tumatakbo pababa sa kahabaan ng kalye. Tila walang nakapansin na sa unahan nito ay isang bangin kung saan ang kalye ay nawala at mayroong mataas na babagsakan. Ang mga tao ay patuloy na tumatakbo hanggang sa makarating sila sa bangin kung saan sila ay nahulog. Sa ilalim nito ay mga tao na nasaktan.

## Mayroong tumpok ng tao na tumatakbo sa ibaba at tumutulong sa lahat ng nasaktang mga tao.


Nakita ko ang mga toldang itinayo bilang ospital at klinika. Ang mga doktor at nars ang nagdadala ng mga tao sa iba't-ibang mga tolda kung saan ito ay kanilang tinulungan. Ang ilan ay may baling binti, ang ilan ay kailangan pa ng mga bendahe at ang ilan ay hindi na pinalad.
Ipinakita sa akin ng Diyos na ang iba't ibang mga tolda ay kumakatawan sa mga sekta. Ang mga doktor ay ang mga pastor, at ang lahat ng mga tumutulong sa mga nasaktan na tao ay ang mga nasa ministeryo. May mga pagkakataon kung saan 3 tao ang tumutulong sa 1 nasaktang tao, at sa gayon ang iba't ibang sekta ay naglalaban sa kung sino ang magdadala sa kanila sa kanilang mga tolda.
Ang mga tao na tumatakbo sa tuktok ng kalye ay kumakatawan sa mga bata. Itinuro sa akin ng Diyos na iilang mga tao lamang ang tumutulong sa mga bata at nagbababala sa kanila sa paparating na bangin

kung saan lahat ay bumabagsak. Ang lahat ng mga ministeryo ay pumupunta sa ibaba ng bangin, at tumutulong sa mga taong nasaktan. Ngunit marami ang aktwal na namatay, at ang mga pagkamatay ay maaaring pigilan, gayundin ay maiiwasan ang lahat ng sakit.

Ang baling mga buto at bendahe ay kumakatawan sa sakit na nakuha ng mga tao bago nila makilala si Kristo at nagbagong buhay. Nariyan ang sakit ng diborsiyo, ang sakit ng pagnanakaw sa tindahan at pagpunta sa bilangguan, ang sakit ng maling pagpapakasal, at sakit ng pagkahuli sa iba't-ibang mga kasalanan. Maraming tao sa ministeryo ang tumutulong sa mga taong ito sa kanilang problema, ngunit napakakaunting tao lamang ang tumutulong sa mga bata bago sila nahulog sa lahat ng ito.

# Ang ministeryo sa ibaba ay napupukaw dahil maaaring makahanap ng tao na nasa bingit ng kamatayan, at maaaring magsagawa ng CPR. Sa loob ng ilang minuto, makapagliligtas ka ng buhay ng isang tao!

Ang ambulansiya na may sirena ay mabilis na dadating at lahat ng tao ay makikita kung ano ang iyong ginagawa habang ipinapasok mo ito papunta sa tolda ng iyong sekta. Samantalang sa itaas, habang tumutulong sa mga bata, kapag pinigilan mo ang isang tao sa pagkakalaglag sa bangin ay walang makapapansin. Walang ingay at wala silang nakitang kahanga-hanga. Mayroon lamang isang tao na huminto sa pagtakbo kasama ang karamihang tao at tumigil bago sila mahulog.



Samakatuwid, si Dwight at ako ay naramdaman na para bang ang aming mga mata ay nabuksan sa ministeryo ng mga bata. Ito ay hindi ministeryo ng mga bata. Ito ay ministeryo ng mga tao, buong espiritu at kaluluwa. Ang ministeryo ng mga bata ay aktwal na pinapatigil ang mga tao mula sa pagtakbo kasama ng karamihan sa tiyak na kalamidad. Ang tanging bagay na maliit tungkol sa mga bata ay ang kanilang katawan at ang kanilang mga pitaka. Wala silang ikasampung bahagi sa iglesia, at medyo maliit silang tingnan. Ngunit sila ay tulad ng spongha, kumukuha ng maraming mga impormasyon, at nag-aaral kung paano "tumakbo" sa buhay na ito.

Si Dwight at ako ay nagpasyang iwan ang mga tolda sa ibaba at umakyat sa itaas, at simulang magtrabaho upang PATIGILIN ang mga tao sa pagtakbo sa bangin. Dahil sa ilang tao lamang ang nagtatrabaho sa ministeryo ng mga bata, tila mahalaga na tutukan ang pagtulong sa mga taong tumutulong din. Ang aming trabaho ay hikayatin at tulungan ang mga nasa tuktok, at magtrabaho upang panatilihin sila sa itaas.

Sa nakalipas na 10 taon ako ay isang misyonero sa Mexico, nalaman ko na 90% sa mga manggagawa ay

walang planong mamalagi sa ministeryo ng mga bata. Nandoon sila hanggang sa sila ay bigyan ng mas magandang posisyon sa kanilang simbahan. Lubos kong naiintindihan sapagka't ginawa ko din ito mismo. Naglingkod ako sa ministeryo ng mga bata sa loob ng 18 taon, ngunit hindi ko talaga planong manatili doon! Nagsimula ako doon dahil ito ay lugar upang maglingkod sa simbahan. Palagi kong gusto na lumipat sa ministeryo ng kababaihan, at pagkatapos ay maging asawa ng isang pastor. Ako ay natuwa ng kami ay naging misyonero, dahil ako ay mas mataas na sa pamayanang hagdan ng Kristiyano.

## Gayunman, hindi ko naisip na bumalik sa ministeryo ng mga bata.

Sa nakamamatay na araw sa loob ng sasakyan, habang kami ay nasa biyahe, si Dwight at ako ay nadama ang pagtawag ng Diyos sa ministeryo ng mga bata. Ito ay hindi lamang pagtawag, ngunit tila nadama namin ang pagpakita sa amin ng Diyos sa Kanyang pangangatwiran. Kailangang mayroong umakyat sa tuktok ng bangin at balaan ang mga tao tungkol sa pagkahulog. Mas magandang pigilan ang mga tao mula sa pagbagsak kaysa ayusin ang pinsala sa ibaba.
Umaasa ako na sa pangitaing ito, ay binuksan din ng Diyos ang iyong mga mata sa pagtawag sa ministeryo ng mga bata.

Ito ay walang kinalaman sa tunay na "pagtuturo". Ito ay may kinalaman sa pagtatrabaho sa totoong kaluluwa BAGO sila mahulog sa mga kasalanan na sisira sa kanilang buhay.

## Sa ministeryo ng mga bata, kailangan namin ng mga pastor, ebanghelista, mga guro, tagaluto, tagaayos, tagapamahala sa kampanya sa Facebook, sound techs, musikero, artista at MARAMI PA. Lahat ng mayroon sa katawan ni Kristo, ay kailangan sa ministeryo ng mga bata.

Hindi lamang kami naghahanap ng mga guro. Kailangan namin ng tulong ng lahat. Kailangan namin ng mga tao upang buksan ang kanilang mga mata, at maglingkod sa departamento ng ministeryo ng mga bata para sa buhay. Magsasagawa kami ng tulong kasama ang pansamantalang manggagawa dahil tayo ay desperado para sa tulong. Ngunit GUSTO namin ng nakatatanda na nakatuon sa ministeryo ng mga bata, at nakatuon sa pagtulong sa totoong kaluluwa, totoong tao, BAGO sila bumagsak sa bangin!

Vision for Children's Ministry Filipino
20132

www.ChildrenAreImportant.com
info@childrenareimportant.com
We are located in Mexico.
DK Editorial Pro-Visión A.C.

Ang Kabataan ay Mahalaga